College of Physicians and Surgeons of British Columbia

# Mga Reklamo

Ang lahat ng mga doktor at siruhanong lisensyadong magpraktis sa British Columbia ay registrants ng College of Physicians and Surgeons of BC (tinatawag na College). Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring magreklamo tungkol sa isang College registrant gamit ang aming proseso ng pagrereklamo.

Bilang regulator ng mga doktor at mga siruhano ng BC, maaari naming imbestigahan:

- file ng reklamo tungkol sa pangangalaga sa isang clinic at tungkol sa

conduct o pagkilos

Ang karamihan ng mga reklamong isinusumite sa College ay may kinalaman sa klinikal na pagdedesisyon ng isang registrant, o sa paraan ng pagtrato sa isang pasyente. Ito ay isang patnubay para sa kung paano gumagana ang aming proseso para sa mga reklamo sa klinikal na pangangalaga at conduct.

## Paano magsumite ng reklamo

Ito ang ilang mga bagay na dapat tandaan kapag nagfa-file ng reklamo laban sa isang College registrant.

- Ang mga reklamo ay dapat nakasulat at dapat ipadala sa pamamagitan ng mail, email o fax.

## Pag-file ng reklamo tungkol sa sexual misconduct

Mayroon kaming zero tolerance pagdating sa sexual contact ng isang registrant at ng isang pasyente sa

Maaari mong tawagan ang aming contact centre sa 604-733-7758 at hilinging makipag-usap sa complaint navigator. Ang aming contact centre ay may available na translations services (mga serbisyo sa ibang mga wika). Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan kung mas gusto mong maging anonymous sa unang tawag. Maaari mong sabihin sa amin kung ano ang nangyayari at pagkatapos ay ipapaliwanag namin ang proseso ng pagrereklamo at ng pagdidisiplina ng College para malaman mo kung ano ang iyong maaasahang mangyari. Pagkatapos ay maaari kang magpasiya kung nais mong ipagpatuloy ang reklamo.

## Paano naman ang pagka-pribado at ang pagiging kompidensyal?

Maaaring kauna-unahan mong iniisip ang mga alalahanin sa pagka-pribado. Bagamat maaari mo kaming kontakin nang anonymous, at maaari kang magtanung-tanong, kailangan naming kumilos nang mabilis sa impormasyon oras na binanggit mo ang identidad ng isang registrant. Dapat mo malaman na kung kami ay mag-iimbestiga, kailangan namin ibigay ang iyong pangalan sa registrant na iniimbestiga para siya'y magkaroon ng pagkakataong makapagsalita.